(02) 779-5180 | (046) 481-1900
www.dlsud.edu.ph

# OVCAR Advisory 046 – Mode of Delivery

Lakip ang apdyet kaugnay sa LCC na inaprubahan ng Konsehong Pang-akademiko noong ika-26 Hulyo 2022.

Para sa moda ng pagsasagawa ng klase:

- Mananatiling blended (flex) ang NSTP-CWTS
- Ang mga kursong propesiyonal na may kaugnayan sa Kolehiyo ng Edukasyon ay isasagawa nang harapan (onsite)
- Pinagyamang harapan (enriched onsite) ang mga klaseng panlaboratoryo.

Para sa mga mag-aaral na nasa ibang bansa at/o hindi bakunado/hindi ganap na bakunado ay maaaring sumailalim sa mga sumusunod na opsiyon:

OPSIYON 1

Bubuksan ng pamantasan ang full online na mga klase para sa mga kursong may harapang komponent na may nirestrukturang bayarin.

Ang naturang set up ay isasagawa ngayong unang semestre, at hindi na ipagpapatuloy sa ikalawang semestre.

OPSIYON 2

Ang mga mag-aaral ay maaaring mag-enrol ng mga kursong fully online o nang harapan na may suplemento.

Maaari nilang i-drop ang mga kursong may kahingian ng harapang pagdalo o magdagdag ng mga kurso na walang pre-requisite, at fully online na kukuhanin.

Kinakailangang punan ang mga pormularyong adding/dropping para sa ganitong layunin.

Ang mga mag-aaral lalo na ang mga nasa unang antas ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang mga kawaksing dekano/dekano upang lubos silang magabayan.

Ang panahon ng dropping ay pinalawig hanggang ika-13 ng Setyembre 2022.

OPSIYON 3

Ang pagbabalik sa Pilipinas at/o pagiging ganap na bakunado ay kahingian mula sa pamahalaan para sa mga nagnanais dumalo ng mga harapang klase. Isaalang-alang ang detalye ng iskedyul ng pagdating sa bansa upang maiwasan ang pagkahuli sa pagdalo ng harapang klase.